


# Wastong Paraan ng Pagtatapon ng mga Basura mula sa Tahanan




**Mangyaring itapon nang hindi lalampas ng 8:30 ng umaga sa araw ng pagkolekta.**



Mangyaring tiyakin ang araw ng pagkolekta sa distrito kung saan nakatira sa website ng Lungsod ng Hiroshima (2D code sa kanan) o sa printed version ng "Wastong Paraan ng Pagtatapon ng Basura mula sa Tahanan."


**Araw ng Pagkolekta**
(website ng Lungsod ng Hiroshima)

| Uri ng Basura | Araw ng Pagkolekta | Maaaring itapong bagay | Halimbawa ng mga Basura | | | Paraan ng pagtatapon ng basura |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 可燃ごみ (かねん)<br>**Nasusunog na basura**<br>Ilagay sa matibay na papel o plastik na supot (liban sa sandbag atbp.) at saka itapon. | **2 araw / linggo** | **Basura mula sa kusina**<br>**Hindi maaaring i-recycle na basurang papel**<br>**Pira-pirasong kahoy, putol na sanga**<br>**Iba pa** | <br>**Basurang pagkain, balat ng itlog, sea shell atbp.** | <br>**Mga patpat, damo** | <br>**Upos ng sigarilyo** | ● **Huwag itapon** ang basura **sa kahong karton. ("Maaaring i-recycle na basura" ang mga karton.)**<br>● Itapon ang mga **kahon ng matamis, direct mail at iba pang kasinlaki o mas malaki sa business card sa "Maaaring i-recycle na basura"**.<br>● Hangga't maaari, gamitin ang **kolektahan sa tindahan** sa mga supermarket atbp. para sa **pakete ng gatas**.<br>● **Tanggalin nang mabuti ang tubig** mula sa basurang pagkain at balutin ito ng diyaryo, atbp. bago itapon.<br>● Ipasipsip ang mantikang panluto sa tela, diyaryo, atbp. bago itapon.<br>● Putulin nang **50 cm pababa** ang haba, talian at itapon nang **paunti-unti** ang putol na sanga atbp. (Para lang sa punong **5 cm pababa** ang lapad, at tuyong kahoy na **10 cm pababa** ang lapad.)<br>● Bago itapon,durugin ang dulo ng bagay na matalim, tulad ng pantuhog na yari sa kawayan atbp.<br>● Mangyaring siguraduhing ibabad sa tubig at saka itapon ang mga paputok at posporo. |
| | | | <br>**Gamot, Plaster** | <br>**Mask, Tissue, Carbon paper atbp.** | <br>**Desiccant, Deoxidizer** | |
| | | | <br>**Papel na lampin** | <br>**Buhangin para sa pet Dumi ng pet atbp.** | <br>**Kutsong inuupuan *(zabuton)* at unan na bulak ang laman** | |

| Uri ng Basura | Araw ng Pagkolekta | Maaaring itapong bagay | Halimbawa ng mga Basura | Paraan ng pagtatapon ng basura |
|---|---|---|---|---|
| ペットボトル<br>**Mga PET bottle**<br>Mangyaring ilagay sa walang kulay o halos walang kulay na plastik na supot, at saka itapon. | **1 beses / linggo** | **Mga PET bottle**<br>PET<br>**Ang tatak na ito ang palatandaan** | ● **Mga inumin (juice, tsaa, kape, tubig atbp.)**<br>● **Para sa *sake, mirin,* suka, toyo, sabaw para sa noodles, non-oil dressing (itapon ang para sa hindi non-oil na dressing sa Plastik na maaaring i-recycle.)**<br><br><br>**Tanggalin ang takip at label, at itapon sa Plastik na maaaring i-recycle.** | ● **Tanggalin ang takip at label, hugasan ng tubig ang loob**, pisain at saka itapon. (Itapon ang takip at label sa "Plastik na maaaring i-recycle.")<br>● **Siguraduhing** itapon nang **bukod sa supot para sa "Plastik na maaaring i-recycle."**<br>● Huwag pagsama-samahin sa malaking supot ang mga supot na pinaglagyan ng "Mga PET bottle."<br>● Sa "Plastik na maaaring i-recycle" itapon ang bote ng mantikang panluto, sauce, panlinis atbp. |
| リサイクルプラ<br>**Plastik na maaaring i-recycle**<br>Mangyaring ilagay sa walang kulay o halos walang kulay na plastik na supot, at saka itapon. | | **Plastik na lalagyan o pambalot**<br>**Ang tatak na ito ang palatandaan** | **Mga Plastik na ginamit sa lalagyan o pambalot ng produkto**<br><br>**Mga supot, mga net**<br><br>**Mga plastik na botelya**<br><br>**Saklob, takip, label na yari sa plastik**<br><br>**Styrofoam na lalagyan at materyales na pinagbalutan**<br><br>**Cellophane wrap na pantakip sa mga produkto tulad ng pagkain atbp.**<br><br>**Mga cup (sa nasusunog na basura ang cup na yari sa papel)**<br><br>**Mga tube**<br><br>**Shopping bag atbp.** | ● **Siguraduhing** itapon nang **bukod sa supot para sa "Mga PET bottle."**<br>● Huwag pagsama-samahin sa malaking supot ang mga supot na pinaglagyan ng "Plastik na maaaring i-recycle."<br>● Banlawan at punasan ang mga **lalagyan ng pagkain, bote at tube na lalagyan**, at **alisin ang mga dumikit na mantsa** sa mga ito bago itapon. (Kung hindi matanggal ang laman o dumi, itapon sa "Nasusunog na basura".)<br>● Para sa may takip at saklob, tanggalin iyon bago itapon.<br>● Hangga't maaari, gamitin ang **kolektahan sa tindahan** sa mga supermarket atbp. para sa **food tray**. |

| Uri ng Basura | Araw ng Pagkolekta | Maaaring itapong bagay | Halimbawa ng mga Basura | Paraan ng pagtatapon ng basura |
|---|---|---|---|---|
| その他プラ<br>Iba pang plastik<br>Mangyaring ilagay sa walang kulay o halos walang kulay na plastik na supot, at saka itapon. | 2 beses / buwan | Mga plastik liban sa mga lalagyan at pakete |  Bag na yari sa vinyl<br> Sapatos, tsinelas, sapatos na yari sa balat, botas<br> Stuffed toy, laruang yari sa plastik<br> Supot ng Cleaning<br> Video (cassette) tape, CD, DVD at case ng mga ito<br> Hanger (yari sa plastik)<br> Cellophane wrap (tanggalin ang rolyo sa gitna), sponge na ginamit sa tahanan<br> Ink cartridge, stationery na yari sa plastik<br> Kutson/unang sponge ang laman | ● Putulin nang mga 30 cm ang mahahabang bagay tulad ng hose at mga sheet. (Kung mahirap putulin, talian ng pisi at itapon sa "Hindi nasusunog na basura.")<br>● Itapon sa "Hindi nasusunog na basura" ang mga laruan at stuffed toy na may makinang parte.<br>● Kahit bagay na yari sa plastik, ituturing na "Malalaking basura" ang mga bagay na naaayon sa mga kondisyon ng "Malalaking basura" na nakasulat sa ibaba.<br>● Itapon sa "Nasusunog na basura" ang **hanger na yari sa kahoy** (kasama ang may bahaging metal, at sa "Hindi nasusunog na basura" ang **hanger na yari sa metal** (kasama ang binalutan ng vinyl). |
| ふねん 不燃ごみ<br>Hindi nasusunog na basura<br>Ilagay sa matibay na plastik na supot (liban sa sandbag atbp.) at saka itapon. | 2 beses / buwan | Mga seramika<br><br>Maliliit na produktong de-kuryente (Mga hindi kasama sa malalaking basura)<br><br>Iba pa |  Bag na yari sa leather<br> Mga seramika<br> Malaputing bote ng kosmetiko at bote ng manicure<br> Heat-resistant glass<br> Bombilya, LED disposable pocket warmer<br> Lighter (bukod na supot)<br> Takip, saklob na yari sa metal<br> Mga aluminum foil<br> Ice pack<br> pang-ahit<br> Payong, pot, relo<br> Plantsa, dryer at iba pang maliliit na produktong de-kuryente | ● Itapon nang paunti-unti hanggang mga 3 supot ng shopping bag ang **lupa, buhangin at batong panlatag sa planter atbp**.<br>● Para makaiwas sa sakuna ng sunog, siguraduhing **bukod ang supot para sa lighter sa ibang hindi nasusunog na basura**, at sulatan ng "Lighter / ライター" ang supot bago ito itapon. **Tanggalan ng baterya ang produktong de-kuryente** bago itapon. (**Nakapipinsalang basura ang baterya**.)<br>● Talian ang vinyl sheet at vinyl hose. (Kung maaaring putulin o gupitin nang mas maiksi sa 30 cm, putulin at at itapon sa "Iba pang plastik.")<br>● **Para sa mga maliliit na produktong de-kuryente** (mga produktong gumagana gamit ang kuryente o baterya), mangyaring gamitin ang recycle collection box na nakalagay sa ward office atbp. (para lamang sa mailulusot sa butas (taas 15cm x lapad 30 cm x haba 40 cm) o koleksyon sa pamamagitan ng serbisyo ng pagpapa-deliver atbp. Mangyaring tingnan ang website ng lungsod ng Hiroshima para sa mga detalye. |

| Uri ng Basura | Araw ng Pagkolekta | Maaaring itapong bagay | Halimbawa ng mga Basura | Paraan ng pagtatapon ng basura |
|---|---|---|---|---|
| 資源ごみ (しげん)<br>**Maaaring i-recycle na basura**<br>**Talian at pagsama-samahin ang mga papel. Ilagay ang ibang "Maaaring i-recycla na basura" sa matibay na supot (liban sa sandbag atbp.) at saka itapon.** | **2 beses / buwan** | **Mga papel (Kasinlaki o mas malaki sa business card)**<br>**Mga tela**<br>**Mga metal**<br>**Mga salamin** | <br>**Bag na yari sa tela**<br><br>**Diyaryo**<br><br>**Karton (*dambōru*)**<br><br>**Lumang damit, kurtina atbp.**<br><br>**Iba pang mga papel (libro, magasin, flyer, kahon ng matamis, direct mail at mga kasinlaki o mas malaki sa business card)**<br><br>**Kutsilyo (Balutan ng diyaryo atbp.)**<br><br>**Basyong lata, 18 litrong lata *(ittokan),* kaldero, kawali, lata ng mantika, lata ng spray (Ubusin o alisin ang laman sa labas na mabuti ang daloy ng hangin.) atbp.**<br><br>**Bote, bubog ng salamin (tanggalin ang takip ng bote)**<br><br>**Bote ng kosmetiko (liban sa malaputing bote at bote ng manicure)** | ● **Talian** at pagsama-samahin **ang mga papel**, ilagay **ang iba pang "Maaaring i-recycle na basura"** sa **matibay na supot (liban sa sandbag atbp.)** na **bukod sa supot para sa "Nakapipinsalang basura"** bago itapon.<br>● Ubusin ang laman ng **lata ng spray**, alisan ng gas sa labas kung saan walang maaaring mag-apoy at mabuti ang daloy ng hangin, **alisin ang lahat ng laman**, at itapon nang **hindi binubutasan**.<br>● **Hindi maaaring kolektahin ang may laman pang lata ng pintura at lalagyan ng kemikal.** Makipagkonsulta sa manufacturer.<br>● Balutan ng diyaryo o iba pa ang kutsilyo, basag na salamin at iba pa, at **sulatan ng "Mapanganib"** ***(Kiken)***.<br>● Hangga't maaari, **isauli sa tindahan** ang mga **boteng maaaring gamitin paulit-ulit** tulad ng bote ng beer at 1.8 litrong bote *(isshōbin)*.<br>● Tanggalin ang takip o saklob ng lata at bote, tanggalan ng laman at hugasan bago itapon.<br>● Sa lungsod ng Hiroshima, hinihiling ang "Pangkatang Pagkolekta" para mabawasan ang basura, maiwasan ang pagkuha nang walang pahintulot, atbp. Mangyaring itanong kung nagsasagawa nito sa samahan ng residente *(chōnaikai)* atbp.<br>● Hangga't maaari, ibigay sa ibang tao o iba pa ang damit na maaari pang isuot upang muli itong magamit. |
| 有害ごみ (ゆうがい)<br>**Nakapipinsalang basura**<br>**Ilagay sa plastik na supot (liban sa sandbag atbp.) na sinulatan ng "Nakapipinsala *(Yūgai)*" at saka itapon.** | **2 beses / buwan** | **Bateryang dry cell**<br>**Fluorescent tube**<br>**Thermometer** | <br>**Bateryang dry cell, bateryang hugis butones maliit na bateryang rechargeable (power bank, lithium-ion battery atbp.) (Balutan ng tape ang mga dulo ng baterya)**<br><br>**Fluorescent tube**<br><br>**Thermometer (ginamitan ng mercury)** | ● Ilagay sa **bukod na supot ang "Basurang maaaring i-recycle," sulatan ng "Nakapipinsala *(Yūgai)*"** ang **plastik na supot (liban sa sandbag atbp.)** bago itapon.<br>● Itapon sa "Hindi nasusunog na basura" ang thermometer na hindi ginamitan ng mercury.<br>● Itapon sa "Hindi nasusunog na basura" ang **bombilyang LED** at **LED fluorescent tube**.<br>● Itapon sa "Nakapipinsalang basura" ang fluorescent tube anuman ang laki nito.<br>● **Ilagay sa kahon o balutan ng diyaryo atbp.** bago ilagay sa supot upang maiwasan ang pagsabog/pagtulo ng mercury kapag nabasag ang fluorescent tube atbp., at maingat na itapon upang hindi ito mabasag.<br>● **Para maiwasan ang pag-init o pagliyab** dahil sa pag-short, balutan ng tape ang mga dulo ng mga baterya. |

| Uri ng Basura | Araw ng Pagkolekta | Maaaring itapong bagay | Halimbawa ng mga Basura | Paraan ng pagtatapon ng basura |
| --- | --- | --- | --- | --- |
| 大型(おおがた)ごみ<br>(有料(ゆうりょう))<br><br>**Malalaking basura (may bayad)** | **2 beses / buwan**<br>(Kailangang magpareserba) | **Mga home appliance**<br><br>**Muwebles**<br><br>**Mga gamit sa tulugan**<br><br>**Mga kasangkapang sakop sa Batas hinggil sa Pag-recycle ng mga Home Appliance**<br><br>**Iba pa** | ● **Para sa mga kasangkapang sakop sa Batas hinggil sa Pag-recycle ng mga Home Appliance, <u>bukod sa tiket ng kabayaran ng lungsod</u>, kailangan ding <u>magpadala ng bayad para sa pag-recycle sa tanggapan ng post office/Japan Post bank</u>, at bumili ng "Tiket para sa Pag-recycle ng Home Appliance."**<br><br>**Mga kasangkapang sakop sa Batas hinggil sa Pag-recycle ng mga Home Appliance (aircon, TV, refrigerator/freezer, washing machine/clothes dryer)**<br><br>**Quilt (*futon*), cabinet (*tansu*), mesa, plastik na lalagyan ng kerosene, bisikleta atbp.**<br><br>***Sukatin muna ang laki (lapad at taas kapag tiningnan mula sa harapan) ng cabinet para sa sapatos *(getabako)*, cabinet para sa mga gamit sa pagkain *(shokki-dana)*, cabinet at iba pa bago magpareserba.**<br><br>**Ituturing na malalaking basura ang mga 30 cm o higit pa ang pinakamahabang bahagi (1 m o higit pa para sa mga bagay na rod-shaped o plate-shaped na madaling mayupi). Subalit ituturing na malalaking basura ang lahat ng kasangkapang sakop sa Batas hinggil sa Pag-recycle ng mga Home Appliance, anuman ang laki nito.**<br><br>**Vacuum cleaner, Microwave oven atbp.** | ● **Paraan ng Pagpapareserba: telepono, internet, web chat**<br>Maaari ring gumamit ng **cashless payment** kapag nagpareserba sa internet o web chat. (**Kapag nagbayad gamit ang cashless payment, hindi maisasauli ang bayad kahit kinansela ang pagpapareserba atbp.**)<br>● **Magpareserba sa telepono (Nihongo lamang ang pagtugon ng operator)**<br>◇ **Sentro ng Tanggapan para sa Malalaking Basura**<br>**TEL 0570-082530** (Hindi sakop sa flat-rate plan para sa pagtawag ng mga cellphone carrier.)<br>**082-544-5300**<br>* Kung hindi makapagpareserba ayon sa nakasulat sa itaas dahil may kapansanan sa pandinig o iba pa FAX 0570-082531<br>**Oras:** 9:00 pm - 6:00 pm<br>**Sarado:** Sabado, Linggo, mga national holiday atbp., Disyembre 29 - Enero 3, Agosto 6<br>**Deadline ng pagpapareserba:** Bilangin mula sa araw bago ng pagkolekta ng basura sa distrito kung saan nakatira, **3 araw bago** noon liban sa mga holiday<br>● **Magpareserba online**<br>Maaaring magpareserba mula sa web page gamit ang 2D code sa kanan.<br>**Deadline ng pagpapareserba:** Bilangin mula sa araw bago ng pagkolekta ng basura sa distrito kung saan nakatira, **5 araw bago** noon liban sa mga holiday<br>● Hindi kinokolekta sa lungsod ang mga personal computer (PC) na pambahay at display monitor. Hilingin sa manufacturer o sa PC3R Promotion Association ang pagkolekta. Depende sa laki, maaari ring gamitin ang collection box ng maliliit na produktong de-kuryente. (Tingnan ang hanay para sa mga hindi nasusunog na basura). |

## Mga basurang hindi kinokolekta sa lungsod

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Bulk waste Disposal** | Kayo po mismo ang magdala sa pangangalakal o dili po mga lisensyadong pribadong merong lisensiya na nag seserbisyo. | Maramihang basura mula sa paglipat-bahay, mga puno sa bakurang pinutulan ng sanga, pagbago ng kasangkapan atbp. | Mangyaring dalhin ninyo mismo sa pasilidad ng pagbasura na itinalaga ng lungsod ayon sa kinauukulang paghihiwalay ng mga uri ng basura, o hilingin ang pagkolekta sa kumpanyang binigyan ng pahintulot ng lungsod.<br>* Mayroong bagay na hindi maaaring dalhin sa pasilidad ng lungsod tulad ng duming pang-industriya. Mangyaring tiyakin muna sa lugar na pagdadalhan. |
| **Basura mula sa Komersyal** | | Basurang kaugnay sa gawain sa negosyo (tindahan, opisina atbp.) | |
| **Iba pa** | Dalhin sa tindahang pinagbilhan o dili po sa nagmanipaktura. | Motorsiklo (kasama ang scooter), farm tractor, kotse, scrapped FRP boat, gulong ng kotse, bagay na maaaring lumiyab o sumabog (gunpowder, mga silindro ng gas, hindi pa ginagamit na pamatay ng apoy, mga langis, mga baterya atbp), bagay na may lason (kemikal sa pagsasaka at iba pang mga kemikal), septic tank, fire-resistant safe, piano (liban sa de-kuryenteng piano), PC (main frame at display monitor), at iba pa | |

## Proyekto ng Suporta sa Pagtatapon ng Malalaking Basura (Anshin Support)

Kung hindi kayang buhatin ang malalaking basura sa takdang lugar ng taong nakatira nang mag-isa, susuportahan ng tagakolekta ang pagbuhat palabas mula sa loob ng tirahan.

**Paraan ng pag-apply** Mangyaring mag-apply sa Sentro ng Tanggapan para sa Malalaking Basura sa telepono o online nang **hindi lalampas sa 2 linggo bago** ng araw ng pagkolekta.

**Bayad para sa serbisyo** Liban sa **bayad para sa pagtatapon ng malalaking basura**, walang ibang kailangang bayaran.

**Mga kondisyon** Taong nakatira nang mag-isa

* Kahit hindi taong nakatira nang mag-isa, <u>kung wala o isa lang ang taong hindi napapailalim sa</u> mga sumusunod na <u>① - ⑤</u> sa mismong tao at kasama niyang nakatira, maaaring magamit ang suportang ito.

① Taong may sertipikasyon bilang nangangailangan ng suporta *(yō-shien)* o nangangailangan ng long-term care *(yō-kaigo)* sa long-term care insurance (*kaigo hoken*)

② Taong inisyuhan ng physical disability certificate, special needs certificate *(ryōiku techō)*, o mental disability health and welfare certificate

③ Taong inisyuhan ng Maternal and Child Health Handbook bago manganak, at taong nanganak sa loob ng 1 taon

④ Taong 65 taong gulang o higit pa

⑤ Tao hanggang sa nakatapos ng compulsory education



## Sariling Pagdadala ng Malalaking Basura

Maaaring direktang dalhin ang malalaking basura mula sa tahanan sa loob ng lungsod ng Hiroshima sa sumusunod na pasilidad.

**Kasangkapang sakop sa Batas hinggil sa Pag-recycle ng mga Home Appliance**

* Kung magtatapon ng kasangkapang sakop sa Batas hinggil sa Pag-recycle ng mga Home Appliance, bukod sa tiket ng kabayaran ng lungsod, kailangan ding magpadala ng bayad para sa pag-recycle sa tanggapan ng post office/Japan Post bank, at bumili ng "Tiket para sa Pag-recycle ng Home Appliance."

| | |
|---|---|
| **Pagdadalhan 1** | Main branch sa Hiroshima ng Okayamaken Freight Transportation Co., Ltd.<br>4-10-202, Kan-on-shin-machi, Nishi-ku<br>TEL 082-297-2411 FAX 082-297-5621 |
| **Pagdadalhan 2** | Hiroshima branch ng Seino Transportation Co., Ltd.<br>6-2-15, Konan, Naka-ku<br>TEL 082-545-9071 FAX 082-545-9368 |
| **Oras ng Tanggapan** | Lunes - Biyernes at Sabado (hindi regular)<br>9:00 am - 12:00 pm, 1:00 pm - 4:30 pm |
| **Sarado** | Linggo, mga national holiday atbp., *Obon* at katapusan at simula ng taon |




**Liban sa kasangkapang sakop sa Batas hinggil sa Pag-recycle ng mga Home Appliance**

**Pangalan ng Pasilidad atbp.**

Pasilidad na nagpoproseso ng pagdurog ng malalaking basura sa planta ng Asaminami
4-3990 Tomokita, Asaminami-ku
TEL 082-848-1114 FAX 082-848-1189



| | |
|---|---|
| **Oras ng Pagdadala** | Lunes - Biyernes 9:00 am - 4:00 pm |
| **Sarado** | Sabado, Linggo, mga national holiday atbp., Disyembre 29 - Enero 3 at Agosto 6 |



## Iba pa



Ipinagbabawal sa batas ang magsunog ng sariling basura, dahil makakaistorbo ang amoy, usok, uling sa mga kalapit bahay. Maraming reklamo ang natatanggap ng lungsod, tulad ng "hindi mabuksan ang bintana dahil sa usok," "nadudumihan ang building at sampay na labada," "nag-aalaala sa epekto sa kalusugan" at iba pa.



Ipinagbabawal sa batas ang ilegal na pagtatambak ng basura, na hindi lamang nakakasagabal sa mabuting kalagayan ng pamumuhay sa kapaligiran, kundi malubha ring makakaapekto sa likas na kapaligiran tulad ng kontaminasyon ng mga ilog at iba pang pampublikong anyong-tubig.

**Supervision Section, Operations Division I, Environment Bureau**